4325

Republic of the Philippines
**Department of Education**

Office of the Secretary

DEC 10 2007

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 485 , s. 2007

PAMBANSANG SEMINAR-WORKSYAP SA FILIPINO

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Puno/Pinuno, Publiko at Pribadong Paaralan

1. Ang Panrehiyong Sentro sa Wikang Filipino, R-IX ng Komisyon sa Wikang Filipino na nakabase sa Western Mindanao State University, Lungsod ng Zamboanga ay magdaraos ng Pambansang Seminar-Worksyap sa Filipino na gaganapin sa Grand Astoria Hotel, Lungsod ng Zamboanga sa Pebrero 15-16, 2008. Ang paksa ng seminar-worksyap **ay "Ang Pagtuturo ng Wika at Panitikang Filipino Pokus sa Tula, Dula at Maikling Kuwento".**

2. Ang layunin ng seminar-worksyap ay ang mga sumusunod:

a. matugunan ang suliranin sa kakulangan ng sapat at makabagong kaalaman ng mga estratehiya sa pagtuturo ng wika at panitikang Filipino ang mga guro at mag-aaral sa Filipino;
b. magkaroon ng pagkakataong makadalo ng pambansang seminar-worksyap ang mga propesor, instraktor at mag-aaral sa Filipino na hindi nakadadalo ng ganitong pagsasanay dahil sa kakulangan ng pondo; at
c. higit sa lahat, maisapanahon ang kaalaman ng mga propesor, instraktor at mag-aaral sa mga makabagong pamamaraan sa pagtuturo ng wika at panitikang Filipino.

3. Ang mga inaanyahang dadalo ay ang mga superbisor, propesor, instraktor at mag-aaral sa Filipino.

4. Ang rehistrasyon ay Tatlong Libo't Limang Daang Piso (P3,500.00) para sa akomodasyon at pagkain sa hotel sa loob ng dalawang araw, apat (4) na meryenda, limang (5) kopya ng aklat ng tagapanayam, handouts at kit.

5. Para sa iba pang impormasyon, makipag-ugnayan kay Prof. Elinor T. Cudia, Direktor, Panrehiyong Sentro sa Wikang Filipino (PSWF), Western Mindanao State University, Lungsod ng Zamboanga.

6. Hinihiling ang daglian at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

RAMON C. BACANI
Pangalawang Kalihim

Sanggunian: Wala
Pamumudmod: 1- -(D.O. 50-97)
Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim
ng mga sumusunod na paksa:

OFFICIALS
SEMINARS
TEACHERS

MARICAR/DM-Pambansang Seminar-Worksyap sa Filipino-Zambo.
11-28-07